# State of the Municipality Address

Magandang umaga po mga kapamilya! Narito po tayo sa pagbalik tanaw sa unang taon ng ating panunungkulan at upang magbigay na din ng ating State of the Municipality Address o ang tinatawag nga ng ating DILG na SOMA.

Hindi naging madali sa pagpasok ng ating administrasyon. Marami tayong pagsubok na kinaharap. Kawalan ng trabaho at mga oportunidad mga bakas ng pandemyang sa atin ay bumungad. Makalipas ang isang taon, maraming pagsubok ang hinarap, ngunit sa ating pagtutulungan, malasakit at tapat na paglilingkod – Buong puso at unti unti nating napagtagumpayan ang mga hamon na ito.

## Start of the Administration, Fund Engineering, Fund Sourcing

- Unang marching order ang paglilinis ng palengke at ng mga major roads.
- Nariyan ang Eco-Warriors natin na talaga namang walang humpay sa paglilinis. Kita naman natin, talaga namang maintained ang kalinisan na dating madalas makitaan mo ng nagkalat na basura. Marami pa po tayong aayusin.
- Inalam natin ang natitirang mga pondo at pinilit hanapan ang mga programa mula sa limitado nating pondo.
- Nagplano tayo. Nag-ELA CapDev. Strategic Planning kumbaga.
- Inalam ang kailangang projects, inalam ang kung ano ang suportang kailangan mula sa Sanggunian.
- Hindi naging madali ang pondo natin. Kahit pa sabihing daang milyon ang IRA natin, daang libo din ang sinerserbisyuhan natin.
- Kumbaga, isang bayan lang tayo pero ang coverage ng services at pangangailangan natin, pangsyudad.

- Nariyan ang Sangguniang Bayan, ang Local Finance Committee, lalo mga expertise ng mga department heads, salamat po sa inyong suporta.

**20% Development Fund, Street Lights**

- Prinioritize natin ang madidilim na kalsada na walang ilaw sa loob ng isang dekada.
- Dahil walang pondo, nag realign tayo ng budget. Naghanap ng pwedeng mapagkunan. Creative fund engineering kumbaga.
- Awa ng Diyos, nagawan ng paraan, siyempre dahil na rin sa ating Sangguniang Bayan.
- Sa halagang PHP 9.2 Milyon lamang, nagawa nating mapailawan mula Bubog Bridge hanggang Caminawit. Maliwanag na. Napakalaking alwan ito sa mananakay natin. Ligtas at maliwanag na gabi.
- Pinailawan din natin ang napakadilim na OMSC Diversion Road, mula Barangay Tres hanggang OMSC Labangan pati na ang kinatatakutan dating San Roque Dos to Bubog, sa may likod ng Airport, maliwanag na.
- Ang kahabaan ng Ubas Road, Bukid Zone, Bubog Relocation Site at PNP Village, pinailawan din natin yan.
- Pero simula pa lang yan. Marami pang kalsada ang paiilawan at magliliwanag ang ating bayan. Solar yan, kaya walang brownout.
- Dahil kinikilala din natin ang mahalagang bahagi ng ating Sanggunian sa mga programa ng pamahalaan, kasalukuyan na pong ginagawa ang konstruksyon ng Multi-Purpose Building para sa Sangguniang Bayan na nagkakahalaga ng PHP 20 milyon.

**Night Market, Entertainment and Tourism**

- Noong nag-iikot pa lamang tayo, sabi natin, magbibigay tayo ng trabaho, bubuksan natin ang ekonomiya.

- Pinilit natin magkaroon ng Night Market. Nandiyan ang Sangguniang Bayan para sa ordinansa nito. Flagship Program natin ito. Pinilit nating mag-materialize.
- Bukod sa dagdag livelihood opportunities, naging tourist destination ating Night Market tuwing Biyernes hanggang Linggo ng hapon. Number 1 sa buong Occidental Mindoro, nasa Top 5 destination sa buong MIMAROPA. Dinadagsa talaga ng tao. Umaabot sa 50,000 kada buwan ang dumarayo.
- We have beaten all traditional tourism activities and destinations!
- Nagkaroon ng additional value ang entertainment and leisure sa bayan. Lumobo ng 87% ang buwanang influx ng dumarayo sa bayan, local or foreign tourists man yan.
- May LED Wall na tayo sa Plaza Stage. Di hamak na nakamura tayo niyan. Kalidad pa at vivid ang graphics, for entertainment and information purposes pa.
- Ibinalik natin ang Movie at the Plaza. May napapanuod tayo tuwing Lunes hanggang Huwebes sa plaza.

Hindi din madali ang pagpasok ng 2023 sa atin. Bumagsak ng halos isang daang milyon ang ating IRA. Napakalaking kawalan ito sa bayan dahil sa pagbaba ng resources na kailangan. Pero kinaya natin. Ginawa natin paigtingin ang pagtitipid at collection efficiency.

**Kalsada at Imprastraktura**

- Nagbukas tayo ng mga bagong kalsada. Gaya na lang ng sa Mapaya Boundary. Dati, parang trek lang ang kalsada nila at kung saan-saan lang dumaraan, pinabuksan natin yan wala pa tayo sa munisipyo, pina bulldozer, hanggang sa maipasemento ngayong tayo ay nakaupo na.
- Umabot na sa halagang PHP 41 milyong piso ang halaga ng imprastrakturang pagpapasemento sa mahigit 10 barangays, Kasama na diyan ang ilang box culvert at drainage, lalo na sa Central, Labangan Poblacion, Magbay,

Bayotbot, Mabini, Pag-asa, Bagong Sikat, Naibuan at Monteclaro.

- Ang OMSC Road hanggang Labangan National Highway, ilang dekada na ding napabayaan. Binabaha pa yan. Pero halos bukas na. PInataas natin at ipinaayos ang pagpapasemento.
- Wala pa dyan ang mga regravelling ng mga kalsada na regular na programa ng LGU
- Pinagawa natin ang public toilet sa plaza, pinaayos natin ang Municipal Hall Building. Umakyat po kayo, makikita ninyo ang kaibahan. Bago ang interior at welcoming ang ambiance sa tao.
- Sa tulong din ng DILG, nagawang makapagbukas ng mga kalsada sa Salafay at Naibuan na nakakatulong upang maging accessible ang dating hindi o hirap mapuntahang lugar na may pondong tig-4 na milyong piso.
- Sa Murtha, sa ilalim ng ELCAC at Support to Barangay Development Programs na hiniling natin sa DILG ay may proyekto na din sa Yaw-yawi I at Yaw-Yawi II na may halagang PHP 6.6 milyong piso. Sa ating DILG at mga kasamahan sa national government, salamat po!

**Edukasyon**

- Dati, 150 lang ang kadalasang nabibigyan ng tulong pinansyal sa edukasyon. Ngayon, 600 na. Kinonsider natin dito ang free college education, kaya bilang educational assistance na din sa mga bata ay kamakailan lamang binigyan natin sila nito, pantulong sa ibang pang matrikula
- Nakapagpagpagawa tayo ng maayos at kalidad na classrooms, gayundin ng ilang mga Child Development Centers. Mahigit sa 20 paaralan na ang nabiyayaan ng repairs ng classrooms, makeshift classrooms, lalo na ang bagong-bagong classroom gayundin ang sa Insulman, Danlog, Bubog I, Buri, Ipil, D-6 San Agustin, Covered Court ng Pag-asa Elementary School at Mapaya I Elementary School.

- Maipagmamalaki talaga at kalidad na gawa.
- Pero kung mapapansin ninyo, inuuna natin ang mga malalayong lugar. Hindi kasi sila naabot ng serbisyo. Yung mga nasa bayan, magaganda na at marami ng pwede makapartner. Pero yung mga nasa malalayo, may ilan dyan ilang daan ang estudyante pero walang classroom.
- Ilapit natin ang serbisyo sa mga isolated at depressed areas ng bayan. Mas sila ang nangangailangan para ramdam ng lahat ang pag-angat ng bayan.
- Kamakailan lang, nagkaroon tayo ng supplemental budget sa School Board. Palakpakan natin sina Treas at Assessor, dahil sa kanilang sipag, nagkaroon tayo ng karagdagang pondo, nadoble ang taunang SEF natin. Bibigyan natin ng classroom ang Catayungan, Bangkal, Yabat at Naibuan pati na sa Narra at Kalinisan. Bukod dyan ay marami pang classroom at school facilities ang maipapa repair.
- Kinilala tayong Top 2 sa buong MIMAROPA sa taas ng koleksyon sa RPT.
- Ang Special Education Fund natin ay nagkaroon ng karagdagang 22 milyon pondo para sa pagpapagawa at pagsasaayos ng mga school building lalo na sa mga malalayo at halos hindi na naaabot ng mga serbisyo ng pamahalaan tulad ng nasa mga kabundukan at isla.
- Bunga yan ng isang Pamahalaang Tapat. Dahil sa efficiency natin sa koleksyon lalo pang dumarami ang ating serbisyo, dumarami ang nating naibabalik sa bayan at sa tao.

**Health, Social Services, and Emergencies**

- Ipinatupad po natin ang libreng Laboratory para sa lahat, libreng CT-SCAN at iba pang serbisyong pang medical.
- Nagbigay din ng serbisyo ang ating ambulance sa humigit kumulang tatlong daang pasyente na dinadala sa Metro Manila at mga karatig na lalawigan.
- Nagtatalaga tayo ng ambulance nurse upang makabawas sa gastusin ng pamilya ng pasyente na sadyang malaking kagaanan sa pamilya ng pasyente.

- Bumili rin ng 2 bagong rescue vehicle ang ating bayan upang dagdag gamit sa transportation ng mga pasyente, rescue sa mga naaksidente at iba pang pangangailangang serbisyong medikal at emergency.
- Bukod pa iyan sa mga burial at financial assistance na ibinibigay ng lokal na pamahalaan sa humigit-kumulang 40 katao, halos linggo-linggo mula ng tayo ay nakaupo.
- Habang patuloy ang mga imumunization programs, supplemental feeding at learning materials programs ng ating Municipal Health Office, Doc Lords, at ng MSWDO kasama si Alice, nakakapanlumo na may mga taong sadyang ginagamit ang mahihina. Nito lamang Hunyo, nagrescue tayo ng limang menor de edad, at nagpasara ng establisimyento dahil na rin sa Worst Form of Child Labor at Human Trafficking.
- Maliwanag ang atas ko, protektahan at pangalagaan natin ang mga bata at kabataan. Umasa kayo, paiigtingin natin at pag-aaralan ang updating ng Children's Code at Gender and Development Code ng bayan.

**Agrikultura, Kabuhayan at mga Kooperatiba**

- Nakapagbigay ang lokal na pamahalaan din ng humigit kumulang sa 20 asosasyon ng livelihood grants, bukod pa rito ang nasa 40 inditbidwal na livelihood grants sa kababaihan at mga matatanda
- Ang LGU San Jose din sa lalawigan ang may kauna-unahang fully departmentalized office para sa Kooperatiba kasama na rito ang PESO Office natin. Hindi yan mangyayari kung wala ang suporta ng ating Sangguniang Bayan
- Ang dating 50/50 scheme sa pamamahagi ng mga binhing palay, sibuyas, at pataba ngayo'y libre na dahil namahagi rin ang lokal na pamahalaan ng 6,000 binhi ng walang counterpart ang mga magsasaka lalo na ang libreng buto ng sibuyas.

## Lokal na Koleksyon at Kita

- Dahil sa maayos na koleksyon at pamamahala, lumobo ng 22% ang koleksyon sa palengke at umakyat ito sa mahigit PHP 4.3 milyon sa nahuling anim na buwan ng 2022 kumpara sa mahigit PHP 3.5 milyon lamang sa naunang 6 na buwan.
- Tumaas din ng mahigit 5.6 milyon ang koleksyon sa naunang anim na buwan ng 2023. Ito ay halos 60% mas mataas sa kaparehong mga buwan sa nakaraan taon. Mas mataas din ng halos 30% sa koleksyon ng huling semestre ng 2022.
- Di rin matatawaran ang patuloy na pag-akyat ng kita ng ating Municipal Slaugterhouse at Municipal Fishport.
- Mula ng maupo tayo Hulyo ng nakaraang taon, nagkaroon ng 16% hanggang 22% improvement sa efficiency ng koleksyon ang ikalawang semestre ng taong 2022
- Nagresulta ng halos 50% sa kabuuang taunang lokal na kita na may halagang halos PHP85 milyon – mas mataas ng 24% sa kita ng 2$^{nd}$ half ng 2021 o 40% bago magpandemya sa kapareho ding panahon noong 2019.
- Kaya po, ipagyayayabang natin na ang LGU San Jose, sa taong 2022, nag Budget Surplus po tayo. Hindi lang po na hit ang target, kundi nahigitan pa natin ang target collection sa buong taon.
- First time in history din, mas maaga nating nakuha at ma breach ang 100 milyon sa lokal na koleksyon nitong buwan pa lamang ng Mayo kumpara sa kadalasang Agosto o Setyembre pa ito nakukuha.
- Sa katunayan mahigit, as of June 30, mahigit P105 milyon na na ang nakulekta sa unang kalahati pa lang ng taon.
- Mas mataas ito 21% kumpara sa kaparehong period ng last year at 10% na mataas sa parehong period bago mag pandemya o noong 2019.
- Wala ang mga iyan kung wala ding suporta ang Sangguniang Bayan. Kaya salamat po sa ating mga kasamahan sa pamumuno ni Vice-Mayor Sonny Javier at mga konsehales.

Syempre ang Treas Kate at Assessor Olive at ang Local Finance Committee.

**Awards**

- Dahil sa magaganda nating programa, patuloy na kinikilala ang LGU San Jose hindi lamang sa lalawigan kundi sa MIMAROPA at buong bansa.
- 2nd Place Best Tourism-Oriented LGU in the Philippines, Grand Champion sa Best Culture and Arts Programs, at tinanghal na Top 5 Tourist Destination ang ating Night Market sa buong MIMAROPA
- Best LGU Implementer for Special Program for the Employment of Students at Best LGU Implement for TUPAD Programs din ang ating bayan.
- Top 2 Highest Collection sa Business and Other Taxes sa buong MIMAROPA Region.
- Top 2 din po tayo sa increase ng Real Property Collection at ang Year-on-Year Growth in Taxable Value
- Sa buong MIMAROPA, tayo ang nanguna sa lahat ng competitiveness pillars sa 2022 Assessment ng Cities and Municipalities Competitiveness Index particular na sa Government Efficiency, Resiliency, Infrastructure at Innovation. Most Competitive LGU pa rin po tayo sa buong MIMAROPA
- Kinilala din ang ating full compliance sa Gawad Kalasag Seal of Disaster Preparedness habang ang ating Anti-Drug Abuse Council ay patuloy ding kinikilala ng DILG.
- Ang isa sa mga pasilidad ng Municipal Health Office, kinilala rin bilang Best Social Hygiene Clinic habang Best Referral ang kanila mekanismo sa mga sexually transmitted infections samantalang patuloy na kinikilala bilang Best Service Delivery ang ating MSWDO.

**Concluding and Looking Forward**

- Mga minamahal kong kapamilya, iyan ang isang Bayang Angat para sa atin. Iilan lamang po iyan sa mga programang

ating ginawa, bukod pa sa mga regular na programa ng bawat opisina ng LGU sa buong taon.

- Simula pa lang po iyan ng Serbisyong Tunay na Angat! Ilan lamang ito sa mga tumatak na mga programa ng lokal na pamahalaan. Bunga na rin iyan ng ating polisiyang Pamahalaang Tapat.
- Marami pang proyekto ang naghihintay para sa atin. Ating aayusin at pagagandahin ang palengke ng bayan, bubuhayin ang Aroma beach, bubuksan natin ang matagal ng hinihintay na LGU San Jose Satellite Office sa Ilin at ilalagay ang mga serbisyong LGU at medikal kasama ang Doctors to the Barrio sa isla at patuloy na suporta sa edukasyon, agrikultura, social services at imprastraktura.
- Nai-bid na po at sinisimulan na ang ilan pang mga multi-purpose building sa municipal compound, naka aircon na public toilet at sarili warehouse ng ating LGU.
- Magkakaroon din ng bagong 600 kVa na generator ang LGU sa halagang PHP 6 milyon gayundin ang karagdang mga dump truck at drop side truck sa halagang PHP 10 milyong piso at ang covered court sa Sitio Mangga sa isla ng Ilin.
- Pagsusumikapan din nating maitayo ang kauna-unahang multi-purpose evacuation center sa bayan na may halagang PHP 29 milyon mula sa sariling pondo ng LGU. Inaayos na rin natin ang pag-aaral para sa mas maayos na water system ng 31 sitios sa upland areas para sa ating mga katutubo
- Magkakaroon din ng Phase II Multi-Purpose Building sa Labangan upang maging pansamantalang pamilihan sa pagsisimula ng ating bagong palengke. Cong. Odie, salamat po sa inyong assistance at ngayon pa lang umaasa na kami sa PHP 200 milyong pondo para sa palengke, habang pinag aaralan na naming ang magiging LGU counterpart para sa mas malaki, mas maaliwas at maipagmamalaking palengke.

- Aabangan din natin ang bagong sementeryo, ang pagsasaayos ng sanitary landfill at solid waste management system ng bayan

- Marami pa pong nakapilang proyekto. Asahan po ninyong magtatrabaho tayo, dahil, manggagawa lang po ninyo kami.

Bago po tayo magtapos, nais kong bigyang-diin, ang ating pagkondena laban sa mga lawless elements sa bayan, sa mga walang puso at walang Diyos na gumagawa ng krimen. Kung kaya inaatasan ko ang ating Kapulisan, sa pangunguna ni PLtCol. Michael Donald Carnoso, na paigtingin ang imbestigasyon at tingnang masusi ang bawat detalye at points of interest. Seryoso tayong magbibigay ng PHP 100 libo mula sa LGU sa magtuturo sa salarin. Nagpapasalamat tayo sa Muslim Community, na nagpaabot sa atin na handa rin silang magbigay ng karagdagang PHP 30 libong pabuya. Kaya po, tayo po ay saglit na tumahimik at taimtim na manalangin para sa kaluluwa ni Eden at sa ating pagkamit ng hustisya para sa kanya. Kasama ninyo po ang LGU sa isang masusi at mabilis na imbestigasyon para sa pagbibigay ng hustisya sa isang kapamilya.

----

----

----

----

----

----

Muli po, sama-sama sa isang Bayang Tunay na Angat, dahil angat ang pamilyang San Joseño!

Maraming salamat po!